

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON ATTY. HARRY ROQUE**  
**BY MARIZ UMALI TIMA – UNANG HIRIT / GMA**  
**OCTOBER 14, 2021 (7:18 A.M. – 7:24 A.M.)**

**MARIZ UMALI TIMA:** Bagong alert level ang iiral sa Metro Manila simula sa Sabado, mas maluwag iyan kaysa sa kasalukuyang Alert Level 4 kaya mas marami ang mga establisyementong papayagan na ulit. At kaugnay niyan at iba pang mga bagong anunsiyo ng pamahalaan sa ating panayam kay Presidential Spokesperson Harry Roque, magandang umaga po Secretary Roque, si Mariz po ito.

**SEC. HARRY ROQUE:** Magandang umaga, Mariz. At magandang umaga, Pilipinas.

**MARIZ UMALI TIMA:** Secretary, ibinaba na po sa Alert Level 3 ang Metro Manila. So, masasabi po nating mas epektibo po ba talaga iyong alert level system kumpara sa community quarantine, Secretary?

**SEC. HARRY ROQUE:** Well, dadaan pa po sa masusing pag-aaral iyong naging resulta ng ating alert levels no para malaman kung talagang epektibo siya. So, wala pang ganyan na konklusyon. Pero, ang nakita nating resulta iyong tinitignan nating batayan para maibaba nga iyong mga quarantine classification ay tuluyang bumaba. Ano po itong mga batayan na ito? Iyong ating Hospital care utilization na bumaba tayo sa moderate risk at saka iyong ating daily attack rate at saka two-week attack rate na bumaba rin sa moderate risk. At ito ang naging dahilan kung bakit ibinaba nga natin sa Alert Level 3 ang Metro Manila.

**MARIZ UMALI TIMA:** Sa ngayon ba, Secretary, may plano na ba ang IATF na ipatupad na rin iyong alert level system sa iba pang bahagi ng bansa?

**SEC. HARRY ROQUE:** Mangyayari po iyan matapos magkaroon ng konklusyon na epektibo nga po itong ating pinatupad na alert level system.

**MARIZ UMALI TIMA:** Alright, sino po at paano masisiguro na nasusunod ang kapasidad sa mga establisyemento tulad ng mga restaurants at sinehan na papayagan na rin po na—iyong sinehan siyempre papayagan na raw magbukas tapos iyong mga restaurant na mas marami na raw po iyong capacity?

**SEC. HARRY ROQUE:** Well, unang-una po, ang talagang nagpapatupad sa ating mga polisiya sa IATF ay mga lokal na pamahalaan, pero kasama na rin iyong mga pribadong sektor, iyong mga mall operators/owners. Sila rin po ang nagsisigurado na nasusunod ang mga maximum kumbaga capacity rules.

**MARIZ UMALI TIMA:** Secretary, magsisimula na rin iyong pagbabakuna para sa general population at mga 15 hanggang 17 taon gulang po bukas. Sapat po ba iyong supply natin ng bakuna na?

**SEC. HARRY ROQUE:** Sa ngayon po, sapat naman po dahil hindi po bababa sa 85 milyon ang dumating nitong buwan na ito. Mas marami pang inaasahan natin dahil hindi pa po tapos ang buwan ng Oktubre.

**MARIZ UMALI TIMA:** So, eventually puwede pa pong mas mababa iyong age na puwedeng magpabakuna na rin?

**SEC. HARRY ROQUE:** Well, sa ngayon po kasi, sinimulan muna natin iyong mayroong comorbidities at sa hospital gagawin iyan at kinakailangan mayroon pong consent ng magulang at ng doktor ng bata na mayroong comorbidity. So doon muna po muna tayo sa mga mayroong sakit at saka po natin i-expand sa a lahat ng kabataan.

**MARIZ UMALI TIMA:** Secretary, noong nakaraang Talk to the People ay nabanggit po ng Pangulo iyong pagbabakuna sa mga tao kahit tulog. Seryoso po ba siya rito? At kung hindi man, bakit niya nasabi ito?

**SEC. HARRY ROQUE:** Siguro alam na natin ang sagot diyan.

**MARIZ UMALI TIMA:** Maganda na rin iyong manggaling sa inyo mismo, Secretary.

**SEC. HARRY ROQUE:** Well, iyan po ay joke only naman po no. Siguro habang nagto-Talk to the People si Presidente gusto rin niyang mapatawa sa sarili niya 'no. So, joke po iyon.

**MARIZ UMALI TIMA:** Alright, Secretary, inaprubahan na po ni President Duterte iyong rekomendasyon ng CHED at IATF na mapalawak o ma-expand iyong face to face classes para sa mga iba pang degree courses outside of the medical and health courses. So, sa ilalim po ba ng Alert Level 3 papayagan na po ito halimbawa iyong sa mga engineering, IT courses, iyong HRM, iyong mga hospital, mga tourism na mga courses, puwede na po iyan maritime iyong mga ganyan?

**SEC. HARRY ROQUE:** Well, alam ninyo po iyan, ang pinapayagan ng IATF dahil nga po sa rekomendasyon ng CHED ay iyong face to face sa mga lugar na talaga namang mababa po iyong kaso ng mga COVID at saka tama po kayo hindi po lahat pa ng kurso. Pero, we are moving towards that direction. Ang ini-emphasize ko lang, hindi pa po lahat ng kurso ay magbubukas; unti-unti po siyempre na magbubukas.

**MARIZ UMALI TIMA:** The reason why I asked that kasi po sa guidelines kahit po nasa NCR papayagan pag-MGCQ na since hindi na po iyong alert, hindi na po ganoon kasi iyong classification natin. Ang Alert Level 3 po ba would be equivalent to MGCQ at papayagan iyong mga ganoong courses if ever, Secretary?

**SEC. HARRY ROQUE:** Sa tingin ko, hindi pa po ano; siguro kapag Alert Level 2.

**MARIZ UMALI TIMA:** Alright, mayroon po bang mga eskuwelahan dito sa NCR na masasama na sa pilot testing ng face to face classes Secretary?

**SEC. HARRY ROQUE:** Hindi pa po—

**MARIZ UMALI TIMA:** Ah, hindi pa rin.

**SEC. HARRY ROQUE:** Kasi Alert Level 3, mataas pa po iyan. In fact, ang i-emphasize natin ngayon po halos lahat po ng pinayagan natin 30% capacity kapag indoors for fully vaccinated and 50% capacity for outdoors.

Ang pagkakaiba noong pinatupad natin nitong nakalipas na linggo ay hindi lang po dine in ang allowed kung hindi iyong mga tinatawag nating ‘MICE,’ iyong mga Meetings, iyong mga Incentives, Conferences and Exhibitions, iyong social events kasama iyong mga parties, receptions, wedding anniversaries. Iyong mga visits of tourist attractions, amusement park or theme parks, situational venues, cinemas and movie houses, licensure entrance exams; ito po ay 30% at saka 50%. Dati rati po ay dine-in lang iyong ina-allow natin.

At siyempre iyong mga religious services po tumaas na rin po iyong ating capacity at tumaas na rin po iyan to 30% para sa in-doors fully vaxxed at saka 50% sa outdoors.

**MARIZ UMALI TIMA:** Secretary, sa usaping pulitika naman po. Ano po ang reaction ninyo sa mga nagsasabing naabuso ang probisyon tungkol sa substitution at kailangan na itong palitan?

**SEC. HARRY ROQUE:** Well, hindi ko po alam kung saan iyong pag-abuso kasi wala pa naman pong nagsa-substitute. So, siguro po magkakaroon tayo ng conclusion kung mayroon ngang nag-substitute; at pangalawa po, eh iyan naman po ay nasa batas. So, sa ngayon po wala pa ngang kahit sinong nagsa-substitution, premature po para sabihing inaabuso.

**MARIZ UMALI TIMA:** Alright, maraming, maraming salamat po sa inyong panahon at sa paliwanag, Presidential Spokesperson Harry Roque. Ingat po kayo.

**SEC. HARRY ROQUE:** Maraming salamat, Mariz, at magandang umaga.

**END**

--

*News and Information Bureau-Data Processing Center*